# Paghingi ng Tulong upang

## Bayaran ang Iyong Bayarin

Ang impormasyon na ito ay para sa sinumang tumatanggap ng mga serbisyo mula sa pasilidad ng AdventHealth o isang kaanib na tagabigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaari mong makita ang listahan ng mga pasilidad ng AdventHealth sa www.adventhealth.com. Bilang isang sistema ng ospital na sinusuportahan ng relihiyon, nagbibigay kami ng pangangalagang medical sa lahat ng pasyente, kasama ang mga nahihirapang magbayad ng mga serbisyo dahil sa limitadong kita. Maaari kang humingi ng tulong sa iyong bayarin sa anumang oras habang nasa ospital ka o nasa proseso ng pagsingil.

## Paano Magiging Kwalipikadong Makakuha ng Tulong

Kung makakatanggap ka ng mga emerhensiyang serbisyo o mga serbisyo na kinakailangan sa paggamot at walang pagsakop na pang-medikal mula sa isang komesyal na nagbibigay ng insurance o programa ng pamahalaan, maaari kang maging kwalipikadong makakuha ng tulong na pinansyal. Ang halaga ng tulong ay depende sa iyong taunang kita at laki ng pamilya. Kung ang iyong taunang kita ay katumbas ng o mababa sa 200% ng kasalukuyang Mga Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan, maaaring hindi mo kailanganing bayaran ang bayarin.

| 2024 na Mga Alituntunin ng Pamahalaan sa Kahirapan | | |
|---|---|---|
| **Laki ng sambahayan** | **200% ng Kahirapan** | **250% ng Kahirapan** |
| 1 | 30.120 USD | 37.650 USD |
| 2 | 40.880 USD | 51.100 USD |
| Para sa bawat idadagdag na tao, magdadagdag ng 5.380 USD | | |

Kung hindi natutugunan ng iyong kita ang mga alituntunin upang bayaran ang iyong buong bayarin, maaari ka pa ring maging kwalipikadong makakuha ng tulong para bayaran ang bahagi ng iyong bayarin. Maaari ka ring maging kwalipikado batay sa iba pang mga dahilan sa iyong application.

## Pag-aapply para Humingi ng Tulong

Maaari kang personal na mag-apply para humingi ng tulong sa iyong bayarin, sa pamamagitan ng sulat o sa telepono. Upang makatanggap ng application, tawagan ang aming departamento para sa Serbisyo sa Customer, pumunta sa aming website o pumunta sa lugar sa aming ospital para sa pagpaparehistro ng pasyente. Makikita ang numero ng aming telepono sa seksyon na tulong na pinansyal ng aming website at sa unang pahina ng dokumentong ito kapag na-print. Makukuha rin ang impormasyon na ito sa iba pang mga wika sa aming website o sa lugar para sa pagpaparehistro ng pasyente.

## Emerhensiyang Pangangalaga at Pangangalaga na Kinakailangan sa Paggamot

Kung kwalipikado kang makakuha ng tulong sa iyong bayarin, hindi ka sisingilin nang mahigit sa sinisingil sa mga taong may sumasakop na insurance para sa emerhensiyang pangangalaga o pangangalaga na kinakailangan sa paggamot. Ikinukumpara namin ang binabayarang halaga ng mga pasyenteng may insurance at ang kanilang mga kumpanya ng insurance upang malaman kung magkano ang dapat naming bayaran. Maaari mong makita ang aming patakaran para sa kawanggawa sa aming website.

## Mga Sumusuportang Dokumento

Kung gusto mong maging bahagi ng aming programa ng tulong na pinansyal, ikaw ang mananagot para sa pagbibigay ng mga impormasyon at papeles nang nasa oras. Kailangan mong ibahagi ang lahat ng impormasyong tungkol sa iyong mga benepisyo sa kalusugan, kita, ari-arian at anumang iba pang bagay na makakatulong sa amin na malaman kung kwalipikado kang makakuha ng tulong. Maaaring kasama sa mga papeles ang mga statement ng bangko, income tax form at mga check stub.

## Mga Aktibidad para sa Paniningil

Ang mga bayarin na hindi babayaran sa loob ng 100 araw pagkatapos ng petsa ng unang pagsingil ay maaaring iulat sa isang ahensiyang naniningil. Ang mga bayarin na hindi babayaran sa loob ng 120 araw pagkatapos ng petsa ng unang pagsingil ay maaaring iulat sa kasaysayan ng iyong utang o ng iyong guarantor. Ikaw o ang guarantor ay maaaring mag-apply para humingi ng tulong sa iyong bayarin sa anumang oras sa panahon ng proseso ng paniningil sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang application.



AdventHealth · Texas Health Huguley Hospital FORT WORTH SOUTH · Texas Health Hospital MANSFIELD · UChicago Medicine | AdventHealth